Paano ko mapangangalagaan ang aking sanggol kung ako ay nagdadala ng Hepatitis B?

- Pag-ingatang hindi malapatan ng inyong dugo ang inyong sanggol.
- Hugasan nang maigi ang inyong mga kamay pagkatapos ninyong mahipo ang inyong dugo, mga madugong likido na galing sa inyong katawan, o mga likidong mula sa inyong puki.
- Takpan ng benda ang mga hiwa at bukas na sugat (sa inyong katawan o sa inyong sanggol) upang hindi malapatan ang inyong sanggol ng tulo mula sa mga hiwa at sugat.
- Linisin ang anumang mga natapong dugo. Disimpektahin ito ng solusyong clorox (isang sukat ng clorox sa sampung sukat ng tubig).
- Huwag ninyong nguyain ang pagkain bago ito isubo sa inyong sanggol.
- Huwag gamitin ang sipilyo ng inyong sanggol o ang iba niyang kasangkapang pansarili.
- Maaari ninyong pasusuhin nang walang-panganib ang inyong sanggol kung siya ay binabakunahan ng Hepatitis B, nguni't huminto ng pagpapasuso kung magkaroon ng mga putok ang inyong utong o mga sugat sa inyong suso.

Mangyaring tumawag sa 1-800-525-0127 para hilingin ang lathalang ito na nakasulat sa ibang anyo.

Washington State Department of Health
Hepatitis B Program
DOH Pub. 348-009 TA (12/95)

Adapted from:
State of California,
State of Hawaii, and
Seattle-King County
Department of Health

Hepatitis B

Paano Pangalagaan ang Inyong Sanggol

How to Protect Your Baby

Tagalog

Kayo ay maaaring nagadadala ng hepatitis B at hindi ninyo alam ito. Nguni't makagagawa kayo ng mga hakbang ngayon upang huwag mahawahan ang inyong sanggol. Huwag ispanganib ang inyong sanggol na dumanas ng hindi kinakailangang sakit sa atay na wala nang lunas sa panahong tumanda siya!

Ano ang Hepatitis B?

Ang hepatitis B ay isang malubhang impeksiyon sa atay. Ito ay sanhi ng bayrus na Hepatitis B at hinahawa ng mga inang mayroon nito sa kanilang mga bagong silang na sanggol sa panahon ng pagsilang.

Ano ang mga palatandaan ng Hepatitis B?

Ang ilan sa mga palatandaan ay ang pagkawala ng ganang kumain, pagka-pagod, nasusuka, jaundice (naninilaw ang balat at mga mata) o malabo na ihi. Gayon pa man, ang ilan sa mga taong may hepatitis B ay maaaring walang mga palatandaan nito at walang nararamdamang sakit o mukhang may sakit. Ang ilan sa mga tao ay gumagaling pagkalipas ng ilang buwan at nagkakaroon ng pananggalang laban sa pagkakasakit muli nito. Ang mga iba ay nagiging nagdadala ng hepatitis B at dala ang bayrus sa kanilang katawan sa maraming taon o habang-buhay.

Ano ang maaaring mangyari kung mahawahan ang aking sanggol?

Hindi magpapakita ng mga palatandaan ng sakit ang mga nahawahang sanggol, nguni't ang mga ito ay magiging nagdadala ng hepatitis B. Ang mga taong nagdadala ng hepatitis B ay maaaring magkaroon sa kanilang hinaharap ng malubhang sakit sa atay na tulad ng cirrhosis at cancer.

Maaari ko bang hawahan ng Hepatitis B ang aking sanggol kahit wala akong nararamdamang sakit?

OO. Maaaring mahawahan ang sanggol sa sinapupunan ng isang babaeng nagdadalang-tao. Kalimitang nangyayari ito sa panahon ng pagsilang. Ang kalapitan ng sanggol sa ina pagkatapos ng pagsilang ay nilalantad din ang sanggol sa bayrus na nasa mga likido ng katawan ng ina.

Paano ko mapangangalagaan ang aking sanggol?

Ipasuri ang inyong dugo sa inyong doktor. Sisimulan ng magkakasunud-sunod na mga iniksiyong para sa hepatitis B ang inyong sanggol kung kayo ay may hepatitis B. Sa kanyang pagsilang ay bibigyan ang inyong sanggol ng Hepatitis B Immune Globulin (HBIG) at ang bakunang hepatitis B, pagkatapos ay kakailanganin niya ng bakunang hepatitis b nang dalawa pang beses bago siya sumapit ng anim na buwang gulang. Hindi magkakaroon ng sapat na pananggalang ang inyong anak kung magmimintis sa mga iniksiyong ito. Napakahalagang tiyaking mabigyan sa tamang panahon ang inyong sanggol ng mga iniksiyon ito.

Paano ko mapangangalagaan ang iba sa aking pamilya?

Sundin ang mga pamatnubay sa likod ng pahinang ito. Dapat ding magpatingin sa kanilang doktor at magpabakuna ng hepatitis B ang ibang miyembro ng inyong sambahayan.

Washington State Department of Health

Dear Colleague,

The Washington State Department of Health (DOH) is pleased to provide camera-ready art for printing this educational material. To ensure that the original quality of the piece is maintained, please read and follow the instructions below and the specifications included for professional printing.

- **Use the latest version**. DOH materials are developed using the most current information available, are checked for clinical accuracy, and are field tested with the intended audience to ensure they are clear and readable. DOH programs make periodic revisions to educational materials, so please check this web site to be sure you have the latest version. DOH assumes no responsibility for the use of this material or for any errors or omissions.

- **Do not alter**. We are providing this artwork with the understanding that it will be printed without alterations and copies will be free to the public. Do not edit the text or use illustrations or photographs for other purposes without first contacting us. Please do not alter or remove the DOH logo, publication number or revision date. If you want to use a part of this publication for other purposes, contact the Office of Health Promotion first.

- **For quality reproduction**: Low resolution PDF files are intended for black and white or color desktop printers. They work best if you are making only one or two copies. High resolution PDF files are intended for reproducing large quantities and are set up for use by professional offset print shops. The high resolution files also include detailed printing specifications. Please match them as closely as possible and insist on the best possible quality for all reproductions.

If you have questions, contact:
Office of Health Promotion
P.O. Box 47833 Olympia, WA 98504-7833
(360) 236-3736

Sincerely,
Health Education Resource Exchange Web Team

PRINTING SPECIFICATIONS

Title:	**Hepatitis B: How to Protect Your Baby**
Size:	11 x 8.5
Paper stock:	65# cover Wausau Astrobrights Neptune Blue
Ink color:	Black
Special instructions:	2-sided printing. Finished job folds to 5.5 x 8.5
DOH Pub #:	348-009